



Sumali tayo sa residents' association

Maligayang pagdating sa siyudad ng Kumagaya

Kahit saang munisipalidad sa Japan ay may samahan ng mga mamamayan na kung tawagin ay "chonaikai" (community association) o "jichikai" (residents' association).

Ang siyudad ng Kumagaya din ay may 360 residents' association.

Bagama't may iba't-ibang aktibidad na isinasagawa depende sa lokalidad, maaari itong hatiin sa pangu-nahing gawain nito tulad ng mga aktibidad na nakatuon sa pagpapalalim sa pagkakaibigan at pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga mamamayan, at mga aktibidad kaugnay sa paglutas sa mga problema sa komunidad.



Kailangang i-check natin ito♪



Tingnan ang likuran para sa mga detalye



Ano ang "jichikai" (residents' association)?

Ang residents' association ay nagbibigay-daan sa pagtutulungan sa pagitan ng mga residente upang matamo ang adhikaing sinasalooob ng bawat mamamayan, tulad ng "pagpapabuti sa siyudad kung saan mas matiwasay tumira", "paglikha ng paligid na ligtas para sa paglalaro at pag-aaral ng mga kabataan", "pagpapaganda sa siyudad na tinitirahan".

Ano ang paraan sa pagsali?

Maaaring kumunsulta sa mga kapitbahay o di kaya'y sumangguni sa Kumagaya City Residents' Association Federation Secretariat.

Ang operasyon ng residents' association ay isinasagawa mula sa membership fees na binabayaran ng mga miyembro. Ang membership fee at paraan ng pagsali ay magkaiba depende sa residents' association. Hinihikayat ang lahat na sumali sa residents' association at makipagtulungan upang mas mapaganda ang komunidad at maging mas matiwasay ang paninirahan ng mga residente.

Maraming residente sa siyudad ng Kumagaya ang miyembro ng kanya-kanyang residents' association. Hinihikayat din na sumali ang mga dayuhang residente.

Kumagaya City Residents' Association Federation Secretariat

(sa loob ng Kumagaya City Citizens' Activity Promotion Division) TEL: 048 (524) 1111 Ext.: 365



Inorganic Anti-bacterial Agent / imprinta
Main Body
JPO122546A0001W

Ang SIAA mark ay nakalagay sa mga produktong may quality control at deklarasyon ng impormasyon alinsunod sa mga guidelines ng Antibacterial Product Technology Council, base sa resulta ng pagrepassang sang-ayon sa mga pamamaraan ng ISO22196.

Ano ang mga gawain ng residents' association?

Isinasagawa ng residents' association ang sumusunod na mga aktibidad upang mapanatiling ligtas at matiwasay ang komunidad na tinitirahan ng lahat.


Mga gawain kaugnay sa disaster prevention

Pagsasanay para sa natural na kalamidad at sunog



Pangangasiwa at pagtatag ng collection sites para sa pagtapon ng mga basura

Pagbubukod ng mga basura, paraan ng pagtapon, pangangasiwa at paglilinis sa tapunan ng basura



Mga gawain kaugnay sa disaster prevention

Pagpatrolya sa siyudad at paggabay sa kaligtasan sa trapiko



Mga gawain kaugnay sa pagpapaganda ng kapaligiran

Zero garbage movement, at paglilinis sa mga parke at iba pa



Mga gawain kaugnay sa public relations

Halos isinasagawa sa pamamagitan ng "kairanban" (isang paraan ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga residente sa pamamagitan ng sirkulasyon ng isang file sa mga kapitbahay na naglalaman ng impormasyon, abiso kaugnay sa mga pagdiriwang, newsletters at iba pa.)



Mga gawain sa lokal na komunidad

Pagdiriwang kaugnay sa kultura na isinasagawa upang bigyang-daan ang mabuting pag-uugnayan sa pagitan ng mga residente sa komunidad, tulad ng mga sports events, festivals at iba pa



*Ang mga gawain ng residents' association ay magkaiba depende sa rehiyon. May mga residents' association na hindi gumagawa ng mga nabanggit na aktibidad.

- Sa pagiging pamilyar sa mga kapitbahay, madaling mapapansin ang sinumang naglalakad sa sariling siyudad na hindi kilala, na nagbibigay-daan sa kaligtasan at katiwasayan ng komunidad.
- Maaaring magtulungan sa panahon ng kalamidad o sa oras ng emerhensiya.
- Sa pagsali sa mga aktibidad, makikilala nang husto ang mga residenteng nakatira sa paligid, at makipagtulungan upang magkaroon ng isang siyudad kung saan maaaring tumira at mamuhay nang matiwasay.

